

Ang EJ 2020 Action Agenda (EJ 2020) ay ang may estratehiyang plano ng Environmental Protection Agency's (EPA) ng Estados Unidos para sa katarungang pangkapaligiran para sa taong 2016-2020. Ang EJ 2020 ay kikilos batay sa naitatag nang nakaraang plano ng EPA, ang Plan EJ 2014, at pati na rin ang mga dekada ng mahahalagang pamamalakad hinggil sa katarungang pangkapaligiran ng Ahensya, ng mga komunidad at ng aming mga kapartner.

MITHIIN

Sa pagsapit ng 2020, inaasam namin ang isang EPA na napapaloob sa pamamalakad para sa katarungang pangkapaligiran sa lahat ng ating mga ginagawa, ay naglilinang sa matatag na mga pakikipagtulungan para mapahusay ang mga resulta sa lugar mismo, at nagbabalangkas ng isang daang pasulong upang matamo ang mas magagandang resulta para sa kapaligiran at binabawasan ang mga pagkakaiba sa mga pinakahirap na komunidad sa bansa.

Ang pagtatamo ng mithiin na ito ay makakatulong sa ating mga pinaka-naaapektuhan, mga pinakahirap sanhi ng mga problemang may kaugnayan sa kapaligiran, at iyong mga may di magandang kalagayan na komunidad upang magkaroon ng mas mainam sa katawan, mas malinis at mas maaalagaan na mga lugar kung saan matitirahan, makakapagtrabaho, makakapaglaro at makakapag-aral.


“Ang malinis na tubig at malinis na hangin ay hindi lang basta basta natatamo, lalo na sa mga may mababang kita at minority na mga komunidad. Ang mga ito ay napakahalagang mga pinagkukuhanan na kailangan nating mamuhunan para



maprotektahan at iyon ay nagsisimula sa mga komunidad, mga lungsod, mga estado at mga tribu. Hindi madali ang problemang ito. Hindi natin ito malulutas nang magdamagan.

Kung tayo ay magkakaisa, maihahatid natin ang mga pangunahing karapatan na ito sa bawat Amerikano, sinuman sila, saanman sila nakatira, o gaano man kalaki o kaliit ang kanilang kinikita. Ang lahat ay may karapatan na maprotektahan ang kanilang kalusugan mula sa mga pagkakalantad sa mga posibleng panganib na nasa kapaligiran.”

Administrator Gina McCarthy



MGA LAYUNIN AT MGA PANGUNAHING LUGAR

Matatamo namin ang mithiin na ito sa pamamagitan ng tatlong mga layuni, walong prioridad na lugar, at apat na mga pambansang hamon:

Unang Layunin: *Mas palalimin ang mga pamamalakad para sa katarungang pangkapaligiran na napapaloob sa mga programa ng EPA para mapahusay ang kalusugan at kapaligiran sa mga lubos na nahihirapang mga komunidad*

Mga prioridad na lugar: (1) Pagtatakda ng tuntunin, (2) Pagpapahintulot, (3) Pagsunod at Pagpapatupad, at (4) Siyensya

Ikalawang Layunin: *Makipagtulungan sa mga kapartner upang mapalawak ang ating positibong epekto sa loob ng nahihirapang mga komunidad*

Mga prioridad na lugar: (1) Mga Estado at Lokal na Pamahalaan, (2) Mga Pederal na Ahensya, (3) Nasa Komunidad na Trabaho, at (4) Mga tribe at Indigenous na Tao

Ikatlong Layunin: *Ipinapakita a ng pag-unlad sa mahahalagang mga pambansang hamon hinggil sa katarungang pangkapaligiran*

Mga hamon: (1) Pinamumunuan ang mga pagkakaiba, (2) Iniinom na Tubig, (3) Kalidad ng Hanging, at (4) Mga Lugar kung saan Nagtatapon ng Mapeligrong mga basura

MGA AKTIBIDAD

Pagpapatupad

Ang EJ 2020 ay ipapatupad gamit ang isang pamamaraan sa pagitan ng mga ahensya. Ang iba't ibang mga prioridad na lugar at mga pagkilos sa planong ito ay pangungunahan ng mga programa at pang-rehiyon na tanggapan sa isang pagsisikap para maisama ang katarungang pangkapaligiran sa bawat aspekto ng trabaho ng EPA. Samakatuwid, ang responsibilidad para sa matagumpay na pagpapatupad ay tunay na pagsisikap sa pagitan ng mga ahensya.

Pag-aabot kamay ng Stakeholder

Ang masigasig na pakikisali ng stakeholder at mga pakikipagpartner ay ang pundasyon ng EJ 2020 at mahala upang matamo ang mga makabulungan mga resulta para sa mga nahihirapang komunidad. Sa pamamagitan ng taon-taon, patuloy at makakabuluhang pakikibahagi ng stakeholder, papabiliin ng EPA ang bagong antas ng pakikipagtalakayan ng stakeholder at pakikipagtulungan nito habang nagpapatupad. Patuloy na magsasagawa ang EPA ng mga webinar at mga pagpupulong tungkol sa plano, lilikom ng input at puna, at maghahandog ng mga oportunidad para sa mas matinding pakikibahagi ng stakeholder at pakikipagtulungan nito. Dagdag pa dito, patuloy na gagamitin ng EPA ang mga mekanismo sa pakikipagtulungan sa mga komite ng tagapayo at mga organisasyon sa pederal, pang-estado, pang-tribu at lokal na pamahalaan para makakuha ng mga input.

Taunang Pag-uulat

Ang EPA ay gagawa ng mga taunang ulat sa pagsulong ng aming EJ 2020 simula sa katagpuan ng 2017 hanggang sa 2020. Ginagawa namin ito bilang pagsisikap na maging malinaw at magpakita ng pananagutan sa publiko sa aming pagpapatupad ng mga mahahalagang pagsisikap na ito.

MGA PANGUNAHING LUGAR AT MGA TANGGAPAN NG NAMUMUNONG EPA

Pagtatakda ng Tuntunin - Office of Policy, Office of Chemical Safety and Pollution Prevention, Rehiyon 7

Pagpapahintulot - Office of Air and Radiation, Rehiyon 2

Pagsunod at Pagpapatupad - Office of Enforcement and Compliance, Pagtitiyak, Rehiyon 8

Pagpapahintulot - Office of Air and Radiation, Rehiyon 1

Mga Estado at Lokal na Pamahalaan - Office of Water, Rehiyon 5

Mga Pederal na Ahensya - Office of Land and Emergency Management, Office of Environmental Justice, Rehiyon 4

Trabaho na Nasa Komunidad - Office of Land and Emergency Management, Office of Environmental Justice, Rehiyon 3, Rehiyon 10

Mga Tribe at Indigenous na Tao - Office of International and Tribal Affairs, Office of Environmental Justice, Rehiyon 6

Mga Pambansang Hakbang - Office of the Chief Financial Officer, Rehiyon 9



Sa pamamagitan ng EJ 2020, ipapasulong ng EPA ang mga pagsisikap ng EPA para sa katarungang pangkapaligiran sa ibang antas para mapahusay ang kalusugan at kapaligiran ng mga nahihirapang komunidad. Sa pagsapit ng 2020, kami ay:

- Pahusayin ang mga resulta sa lugar mismo ng mga nahihirapang komunidad;
- Ituring na isang institusyon ang integrasyon ng katarungang pangkapaligiran sa pagpapasya ng EPA;
- Magtatag ng mga matitibay na ugnayan sa mga estado at mga kapwa gumagawa ng regulasyon;
- Palakasin ang ating kakayahan na kumilos sa katarungang pangkapaligiran at mga naipong mga epekto nito; at
- Mas mabuting tugunan ang mga magugulong isyu ng bansa hinggil sa katarungang pangkapaligiran.



United States
Environmental Protection
Agency

Oktubre 2016
Office of Environmental Justice